



لجنة التعريف بالإسلام
ISLAM PRESENTATION COMMITTEE
جمعية النجاة الخيرية



Ministri ng Katarungan

Kasal sa Kuwait

Tinukoy ng 43 katotohanan ang Mga Karapatan at Tungkulin

Mga karapatan at tungkulin ng mag-asawa Ayon sa batas ng personal na katayuan sa kuwait

1. Hindi tama ang kasal kung walang pahintulot ng asawa o Wali.
2. Walang kasal kung walang dote.
3. Ang kasal ng babae ay hindi dokumentado maliban kung siya ay umabot sa 15 taong gulang at ang lalaki ay 17 taong gulang sa oras ng dokumentasyon.
4. Hindi kailanman pipigilan ang babae na magpakasal, at kung sakaling nangyari ay dadalhin ang usapin sa hukom upang ipag-utos o hindi ipag-utos ang kasal.
5. Ang kakayahan ay kung ang isang lalaki ay sapat sa isang babae sa panahon ng kontrata at itinuring ng mambabatas na ang punto sa kakayahan ay ang katuwiran ng relihiyon.

6. Ang pagkakatugmasa edad ng mag-asawa ay karapatan ng asawang babaemag-isa.

7. Kung sakaling magkaroon ng hindi pantay na karapatan ng asawang babae o ng kanyang Wali ay mawawalan ng bisa ang kontrata.

8. Mawawala ang karapatang magpawalang-bisa sa pamamagitan ng pagbubuntis, pagkalugod o pagkalipas ng isang taon ng kontrata.

9. Ang kontrata ng kasal ay walang bisa kung sakaling may kondisyon para sa pagkumpleto ng kasal na hindi naaayon sa batas.

10. Dapat ay pangalanan ang dote ng tamang pagtatalaga sa kontrata.

11. Kung ang dote ay hindi pinangalanan, ang dote ay dapat na pareho (ang ibig sabihin ng pareho ay ang dote ng kanyang mga kamag-anak sa parehong bansa)

12. May karapatan ang asawang babae sa dote kapag ang kontrata ay wasto at hindi mawawala kung sakaling magkaroon ng pagsiping o ng tamang pag-iisa (kung saan ang pakikipagtalik ay karaniwang posible).

13. Mawawala ang buong dote kapag nangyari ang paghihiwalay dahil sa babaebagomagkaroon ng pagsiping o ng tamang pag-iisa (kung saan ang pakikipagtalik ay karaniwang posible).

14. Obligado ang kalahati ng dote na pinangalanan para sa asawang babae dahil sa pagdiborsyo bago magkaroon ng pagsiping o ng tamang pag-iisa (kung saan ang pakikipagtalik ay karaniwang posible) kapag ang

diborsyo ay mula sa asawang lalaki at hindi sa kahilingan ng asawang babae.

15. Ang babae ay dapat magtamasa ng kasiyahan na tinatantya ng hukom na hindi hihigit sa kalahati ng parehong dote.

16. Sa asawang lalaki ang kagamitan sa bahay ng mag-asawa.

17. Obligado ang pagsuntento para sa asawang babae mula sa kanyang asawang lalaki sa pamamagitan ng tamang kontrata at kasama ang pagkain, damit, pangangalagang medikal, at iba pa ayon sa nakaugalian.

18. Pinahihintulutan ang pagtaas o pagbaba ng sustento ayon sa kalagayan ng asawang lalaki o sa presyo ng bansa.

19. Ang sustento ng asawang babae ay isinasaalang-alang mula sa petsa ng pag-iwas sa paggastos at ito ay magiging utang ng asawang lalaki at hindi mawawala maliban sa pagbabayad o pagpapawalang-sala.

20. Patirahin ng asawang lalaki ang kanyang asawang babae sa isang tirahan ayon sa kanyang kakayahan.

21. Ang asawang lalaki ay walang karapatang patirahin niya ang kanyang asawang babae sa isang tirahan na may ibang kasama.

22. Ang asawang babae ay may karapatang maglakbay kasama ang isang mahram upang magsagawa ng hajj, kahit na ang asawang lalaki ay hindi magbigay ng pahintulot at patuloy ang sustento.

23. Ang diborsyo ay hindi magaganap sa baliw at

mangmang, nagkamali, lasing, nataranta at nagagalit.

24. Ang diborsyo ay hindi magaganap sa di-wastong kasal o sa panahon ng paghihintay.

25. Ang diborsyo ay magaganap sa malinaw na salita ayon sa nakaugalian katulad ng (ikaw ay aking diniborsyo, ikaw ay bawal na sa akin).

26. Ang asawang lalaki ang nagmamay-ari ng tatlong pagdiborsyo sa kanyang asawang babae at hindi sa isang pagkakataon.

27. Kapag ang diborsyo ay nakakapinsala, magiging Talaq Baa-in.

28. Kapag ang diborsyo ay dahil sa kawalan ng pagsustento, magiging Talaq Raji'e.

29. Kapag ang diborsyo ay dahil sa kawalan ng kasunduan, magiging Talaq Raji'e.

30. Ang Talaq Baa-in Bainoonah Sugraa ay maaari pang magbalikan ng unit may panibagong kasal at panibagong dote.

31. Ang Talaq Baa-in Bainoonah Kubraa ay hindi na maaaring magbalikan sapagkat ito ay itinuturing na katumbas ng paghihiwalay ng tatlong beses, kailangang makapag-asawa muli ang babae sa ibang lalaki.

32. Kapag tumanggi ang asawang lalaki na sustentuhan ang kanyang asawang babae ay may karapatan ang asawang babae ng pagdiborsyo dahil sa kawalan ng pagsustento.

33. Ang mag-asawa ay maaaring humingi ng paghihiwalay dahil sa pinsala sa kanya maging sa salita o gawa, na ang pinsala ay napatunayan sa pamamagitan ng patotoo ng dalawang lalaki o isang lalaki at dalawang babae.

34. Kapag ang asawang lalaki ay hindi nagpakita sa loob ng isang taon o higit pa na walang katanggap-tanggap na dahilan, ang asawang babae ay maaaring humingi ng diborsiyo, gayundin sa nawalang tao ay hahatulan na siya ay namatay sa lugar na kung saan ay may mga digmaan o mga sakuna pagkaraan ng 4 na taon at itinuturing na siya ay namatay pagkatapos ng desisyon ng korte at ang asawang babae ay maghihintay para sa kanyang eddah mula sa paglabas ng desisyon.

35. Kapag ang asawang lalaki ay nakulong sa pamamagitan ng pagpapatupad ng panghuling hatol sa loob ng tatlong taon o higit pa, ang asawang babae ay maaaring humingi ng diborsyo, isang huling diborsyo pagkatapos ng isang taong pagkakakulong.

36. Bawat isa sa mag-asawa ay maaaring humingi na pawalang-bisa ang kontrata kung may matagpuan na kapintasan sa isa maging ang kapintasan ay umiral bago ang kontrata o naganap pagkatapos nito.

37. Ang asawang lalaki ay may karapatang balikan ang kanyang asawang babae habang nasa panahon ng eddah sa pamamagitan ng salita o gawa.

38. Ang pagbalikan ay dapat ayon sa patotoo ng mga saksi o sa pamamagitan ng isang opisyal na deklarasyon at sa kaalaman ng asawa.


39. Pinatutunayan ang lahi ng bata sa pamamagitan ng kama na may tamang kasal o sa pamamagitan ng pagsiping sa isang sira o kahina-hinalang kasal, at pinahihintulutan para sa isang lalaki na tanggihan ang lahi ng bata sa loob ng pitong araw mula sa oras ng kapanganakan o pagkaalam nito, at ang hukom ang siyang magpasya na tanggihan o kumpirmahin ang lahi nito.

40. Ang may karapatan sa kustodiya ay para sa ina, pagkatapos ay sa kanyang ina, pagkatapos ay sa tiyahin sa ina, pagkatapos ay sa tiyahin ng ina... kung ang mga benepisyaryo ay pantay sa kustodiya, pipiliin ng hukom ang pinakamahasag.

41. Magtatapos ang kustodiya para sa batang lalaki sa wastong gulang at ang batang babae ay sa kasal.

42. Ang kustodiya ng ina ay mawawala sa pamamagitan ng kasal at ang pagpasok ng asawang lalaki.

43. Ang may karapatang makakita ay para lamang sa mga magulang at lolo at lola.



Mahahalagang Tuntunin

Ang Wali: Ang taong kumakatawan sa menor de edad o ayon sa desisyon ng korte, na humalili sa ngalan niya sa lahat ng legal at pinansyal na usapin ayon sa batas ng personal na katayuan at ito ay kadalasan ang ama.

Ang Kasal: Isang tipan na may pagsang-ayon at legal na koneksyon sa pagitan ng isang lalaki at isang babae sa lahat ng oras, ang layunin nito ay pag-aasawa, kalinisang-puri at pagtayo ng isang matatag na pamilya sa ilalim ng pangangalaga ng mga mag-asawa.

Ang Talaq: Ang pagwawakas sa kontrata ng kasal na may malinaw na salita, o isang metapora na may layunin.

Mga Uri ng Talaq: Talaq Raji'e: Hindi niya inaalis ang kasal bago matapos ang eddah. Talaq Baain: Inaalis niya kaagad ang kasal.

Ang Eddah: Ang panahon ng paghihintay ng babae na kung saan ay bawal siyang pakasalan pagkatapos ng pagkamatay ng kanyang asawang lalaki o ang paglitaw ng diborsyo.

Ang Panahon ng Eddah: Tatlong buwan para sa babaeng diniborsyo, at sa sinumang namatayan ng asawa ay apat na buwan at sampung araw.

Ang Ibraa: Ang pagtanggap ng karapatan at ng bahagi nito.

Ang 'Adl: Ang pagpigil ng Wali sa isang babae na

magpakasal sa isang kwalipikadong lalaki kung hihilingin niya ito.

Ang Nafaqah: Ang tungkulin ng asawang lalaki na sustentuhan ang kanyang asawang babae, kasama sa sustento ang pagkain, pananamit, pangangalagang medikal, tirahan, at lahat ng kailangan para mamuhay ng marangal at disente ang asawang babae.

Ang Orf: Ang anumang nakasanayan ng mga tao at tinahak nila ito mula sa bawat gawain na lumaganap sa pagitan nila, o isang katagang pamilyar sa kanila.

Ang Pagpapawalang-bisa ng Kontrata ng Kasal: Ang pagpapawalang-saysay at pagwawakas ng koneksyon na nagbubukod sa pagitan ng mga partido sa kontrata; dahil sa depekto na nangyari sa kontrata, o dahil sa isang emerhensya na pumipigil sa pagpapatuloy ng kontrata, sa pagpapatupad nito, at sa mga epekto nito.

Ang Khu'a: Ang paghiwalay ng asawang babae para sa kabayaran na kinukuha ng asawang lalaki mula sa kanya o sa iba sa pamamagitan ng mga eksklusibong salita, at ang asawang lalaki ay hindi na maaaring bumalik sa kanya



Inihanda ni:

Dr. Ahmad Almutairi